

5 Mga Bagay na Dapat Mong Malaman Tungkol sa Diskriminasyon sa Pabahay Dahil sa Bansang Pinagmulan

- 1 Sa New Jersey, ang diskriminasyon at panliligalig sa bansang pinagmulan ay ilegal sa pabahay.** Pinoprotektahan ka ng New Jersey Law Against Discrimination (LAD) mula sa diskriminasyon sa bansang pinagmulan at panliligalig batay sa bansang pinagmulan sa pabahay, kahit na ikaw ay isang refugee, migrante, o hindi mamamayan ng U.S. Kabilang dito ang hindi patas na pagtrato batay sa aktuwal o pinaghihinalang etnisidad, bansang sinilangan, kultura, o wika.
- 2 Dapat kumilos ang mga tagapagbigay ng pabahay upang ihinto ang panliligalig na batay sa bansang pinagmulan.** Ang mga tagapagbigay ng pabahay, kanilang mga empleyado, o mga kapwa nangungupahan ay hindi maaaring manligalig sa iyo dahil sa iyong aktuwal o pinaghihinalang bansang pinagmulan. Ang mga tagapagbigay ng pabahay ay dapat gumawa ng naaangkop na aksyon upang ihinto ang panliligalig na alam nila o dapat na alam nila. Maaaring kabilang sa panliligalig ang mga nakakasakit na galaw, paggamit ng mga etnikong paninira, at mapang-abusong biro.
- 3 Sa ilalim ng LAD, ang tagapagbigay ng pabahay ay dapat magbigay ng pabahay na may pantay na mga tuntunin nang hindi isinasaalang-alang ang iyong bansang pinagmulan.** Ang mga tagapagbigay ng pabahay, kabilang ang mga landlord, tagapamahala ng ari-arian, at mga ahente ng real estate, ay hindi maaaring tumanggi na mangupa sa iyo, na maningil ng mas mataas na upa, na mag-alok sa iyo ng iba't ibang kaginhawahan, ituro ka sa o palayo sa ilang mga pagkakataon sa pabahay, o tumanggi na gumawa ng mga pagkukumpuni batay sa iyong aktuwal na o pinaghihinalang bansang pinagmulan.
- 4 Ang LAD ay nagpoprotekta laban sa diskriminasyon sa bansang pinagmulan kapag bumibili o nagbebenta ng bahay.** Halimbawa, hindi maaaring tumanggi ang mga ahente ng real estate na ipakita sa iyo ang ilang partikular na ari-arian o hikayatin o pigilan ka sa pagbili ng bahay sa mga partikular na kapitbahayan batay sa bansang pinagmulan. Hindi maaaring bawasan ng mga appraiser ang halaga ng iyong tahanan, at hindi puwedeng mag-alok ang mga o nagpapautang ng mas mataas na rate ng interes sa iyo dahil sa iyong bansang pinagmulan.
- 5 Ang mga tagapagbigay ng pabahay ay hindi maaaring gumamit ng mga neutral na patakaran o mga tuntunin upang magdiskrimina.** Ang mga neutral na patakaran at tuntunin sa pabahay na mas nakaaapekto sa mga taong may isang bansang pinagmulan kaysa sa iba ay ipinagbabawal, maliban kung kinakailangan para maghatid ng malaki, lehitimo, walang diskriminasyong interes. Halimbawa, ang mga kasanayan sa pagrenta na naglilimita sa mga apartment sa mga aplikante na pangunahing nagsasalita ng Ingles o walang accent ay maaaring lumabag sa LAD.

Walang sinuman ang maaaring gumanti laban sa iyo para sa pag-uulat ng mga paglabag sa LAD, paghahain ng reklamo sa diskriminasyon, o paggamit ng iba pang mga karapatan sa ilalim ng LAD.

Upang malaman ang higit pa, o maghain ng reklamo, pumunta sa NJCivilRights.gov o tumawag sa 1-833-NJDCR4U (1-833-653-2748). Ipinapatupad ng DCR ang LAD, na nagpoprotekta sa lahat ng tao mula sa diskriminasyon sa New Jersey anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Upang matuto ng higit pa, i-click [dito](#).

Upang malaman ang higit pa o maghain ng reklamo, pumunta sa NJCivilRights.gov o tumawag sa **1.833.NJDCR4U**



NJ Office of the Attorney General
NJCivilRights.gov

